Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION IV- A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF THE CITY OF TAYABAS

Advisory No. 107, s. 2026
May 12, 2026
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

**GAWAD CARLOS PADILLA 2026, Pagkilala sa mga Mambabatas!**

The Komisyon sa Wikang Filipino – Lupon sa Dangal ng Wika 2026 is inviting current legislators from Local Government Units, Congress, and the Senate who have authored or passed laws related to language in the Philippines to submit their nominations until June 8, 2026, at 5:00 PM.

The official communication is attached to this advisory for reference.

Dissemination of this advisory is hereby requested.

SGOD – gawad carlos padilla 2026, pagkilala sa mga mambabatas
REC67TLP-008903/May 12, 2026

Address: Brgy. Potol, Tayabas City
Telephone No.: (042) 785-9615
Email Address: tayabas.city@deped.gov.ph
Website: https://www.sdotayabascity.ph

DepEd Tayabas City <tayabas.city@deped.gov.ph>

Schools Division of Tayabas City
RECORDS SECTION
RECEIVED
BY: OLIVE G. DIVINAGRACIA
MAY 11 2026
Control No.

**GAWAD CARLOS PADILLA 2026, Pagkilala sa mga Mambabatas!**
1 message

**kwf press release** <kwf.pressrelease@kwf.gov.ph> Mon, May 11, 2026 at 12:03 PM
To: DEPED TAYABAS CITY <tayabas.city@deped.gov.ph>

**GAWAD CARLOS PADILLA** 2026, **Pagkilala sa mga Mambabatas**!

1. Ang **Gawad Carlos Padilla** ay mataas na pagkilála sa mga mambabatas na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

2. Bukás ang nominasyon sa mga dati at kasalukuyang mambabatas—laláki man o babae—mula sa mga lokal na yunit ng pamahalaan, Kongreso, at Senado na mayroong naipasang batas tungkol sa mga wika sa Pilipinas.

3. Para sa lokal na yunit ng pamahalaan, kinakailangang may naipasang hindi bababa sa dalawang (2) ordinansang pangwika. Para sa Kongreso at Senado, kinakailangang may naipasang hindi bababa sa isang (1) batas pangwika. Nararapat na patuloy pa ring ipinatutupad sa nasasakupang bayan at sa bansa ang mga naturang batas.

4. Ang mga nominado ay magmumula sa rekomendasyon ng indibiwal o pangkat mulâ sa loob at labas ng KWF.

5. Pára sa nominasyon, ihanda ang limang (5) kopya ng sumusunod ng mga dokumento:
• Pormularyo sa Nominasyon <https://bit.ly/3QQGIG1>;
• Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal na may lagda nagnomina;
• Curriculum vitae; at
• Mga pruweba sa katipunan ng mga batas na nakapag-ambag sa mga wika sa Pilipinas

6. Ilagay sa isa o higit pang expandable envelope ang mga tinukoy sa bílang 6 at ipadalá sa adres na nása ibaba:

> **Lupon sa Dangal ng Wika** 2026
> **Komisyon sa Wikang Filipino**
> **2/P Gusaling Watson**, 1610 **Kalye J.P. Laurel**,
> **San Miguel**, **Lungsod Maynila**

7. Ang hulíng araw ng pagpapása at pagtanggap ng nominasyon ay sa 8 **HUNYO** 2026, 5:00 **nh**.

8. Gagawaran ang isang (1) mambabatas mula sa lokal na yunit ng pamahalaan, Kongreso, at Senado. Maaari ding walang tatanghaling magwawagi sa alinmang kategorya.


9. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.

10. Ang tatanghaling Gawad Carlos Padilla 2026 ay tatanggap ng naturang gawad sa 14 **Agosto** 2026.




Gawad Carlos Palanca 2026.jpg
437K

# GAWAD CARLOS PADILLA 2026




Ang **Gawad Carlos Padilla** ay mataas na pagkilála sa mga mambabatas na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino. Bukás ang nominasyon sa mga dati at kasalukuyang mambabatas—laláki man o babae—mula sa mga lokal na yunit ng pamahalaan, Kongreso, at Senado na mayroong naipasang batas tungkol sa mga wika sa Pilipinas.

*Huling araw ng pagsusumite ng nominasyon: 8 Hunyo 2026*

kwf.gov.ph   komfil@kwf.gov.ph   facebook.com/komfilgov/